# Supplemental Security Income (SSI)

**2008 na Edisyon**

# Unawain ang SSI: Ang mga Abiso at mga Sulat ng Social Security



## ANO ANG ITSURA NG ISANG ABISO?

Ang abiso ng Social Security ay may mga sumusunod:

- isang heading na laging may pangalan ng ahensiya, at karaniwan, ang pangalan ng programa ng Social Security at ang uri ng abiso;

  Social Security Administration
  Supplemental Security Income
  Notice of Change in Payment

- isang telepono at/o address ng Social Security; at
- isang pirma at titulo ng isang opisyal ng Social Security.

## BAKIT KA NAMIN PINADADALHAN NG ISANG ABISO?

Ang mga abiso ay isa sa mga pangunahing paraang ginagamit namin upang makipagpag-alam sa publiko. Kami ay umaasa sa mga abiso upang ipaalam ang mga pagtitiyak, sabihin sa iyo ang iyong **mga karapatan at mga pananagutan**, at upang ilarawan kung ano ang magagawa mo kung ikaw ay **hindi sumasang-ayon** sa aming mga pagtitiyak.

Kami ay nagpapadala rin ng mga administratibong sulat na maaaring magsabi sa iyo na tumawag o magpunta sa tanggapan o magpadala ng impormasyon o **mga katibayan**.

## KAILAN KAMI NAGPAPADALA SA IYO NG ISANG ABISO?

Tuwing nagpapadala kami ng isang abiso, ito'y dahil mayroon kang bagay na dapat malaman o gawin hinggil sa iyong claim, status ng benepisyo o halaga ng benepisyo.

Magpapadala kami sa iyo ng abiso bago namin baguhin ang halaga ng iyong benepisyo o pagiging kwalipikado. Maaari kaming magpadala ng isang abiso tuwing kailangan naming sabihin sa iyo ang anumang gawain sa iyong kaso.

Halimbawa, kung tumatanggap ka ng benepisyo sa SSI at ang iyong **sitwasyon ng paninirahan**, **kita** o **mga pag-aari** ay madalas magbago, tatanggap ka ng abiso tuwing nagbabago ang halaga ng iyong benepisyo.

## ANO ANG SASABIHIN NAMIN SA IYO SA AMING ABISO?

Karaniwang ipinapahayag ng aming mga abiso ang mga sumusunod:

- ang layunin ng abiso;
- ang anumang aksyon na plano naming gawin o pagtitiyak na ginawa namin at ang dahilan;
- anumang pagbabago sa status ng iyong benepisyo/halaga ng bayad at petsa ng pagsimula ng pagbabago;
- a anumang aksyon na dapat mong gawin;
- ano ang dapat mong gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa pagtitiyak; at
- paano kami makokontak.

## ANO ANG MGA OPSYON PARA SA MGA BULAG?

Ang mga **bulag** ay tatanggap ng mga abiso sa pamamagitan ng regular first class mail, maliban kung humingi sila ng follow-up sa telepono kasama ng regular mailing, o mga abiso sa pamamagitan ng certified mail.

Ang mga espesyal na opsyon ay makukuha lamang para sa ilang mga takdang uri ng abiso. Halimbawa, makukuha sila para sa mga abiso na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa isang pagpasiya o plinanong aksyon, ngunit hindi para sa mga administratibong abiso tulad ng isang kompirmasyon ng appointment.

## ANO ANG MGA OPSYON PARA SA MGA TAONG HINDI GAANONG NAGSASALITA NG INGLES?

Plano naming unti-unting gumawa ng mga abiso sa iba't-ibang wika. Dahil ang ating malaking populasyon na nagsasalita ng Espanyol ay ang pinakamalaking grupo ng mga taong hindi gaanong nagsasalita ng Ingles, halos lahat ng mga abiso sa SSI ay makukuha sa Espanyol. Ang mga abiso na hindi makukuha sa Espanyol ay may kasamang sulat sa Espanyol na nag-aalok ng mga serbisyo sa pagsasalin mula sa tanggapan ng Social Security sa iyong lugar.

## ANO ANG DAPAT MONG GAWIN KUNG NAHIHIRAPAN KANG MAUNAWAAN O SUMAGOT SA AMING ABISO?

Makipag-alam sa amin kung hindi mo nauunawaan ang isang abiso, o kung hindi mo magagawa ang hinihiling namin sa panahong ibinigay. Kung nasa iyo ang abiso kapag kinontak mo kami, mas mabilis ka naming matutulungan. Ipapaliwanag namin sa iyo ang abiso at tutulungan ka naming gawin ang kailangan mong gawin upang maisagawa mo ang iyong pananagutan.

Kung naiwala mo ang isang abiso na pinadala namin sa iyo bago mo nabasa o nasagot ito, kontakin kami. **Huwag kailanman isantabi lamang ang abiso**. Kung ginawa mo ito, maaari mong mawala ang mga benepisyo o ang pagkakataong gamitin ang iyong mga karapatan.